

Pagpuna sa Aklat: Taong May Pananampalataya ni Lim Kou

Nagkaroon ako ng pribilehiyo na isalin ang aklat na ito sa wikang Pilipino. Bagaman minarapat ng mga patnugot na gamitin ang pamagat na “Taong May Pananampalataya” sa bersyon nito sa Pilipino (sa halip ng tuwirang salin na “Tao Ng Pananampalataya” dahil sa pangambang baka maging asiwa ang tunog ng pamagat sa mga mambabasang hindi pamilyar sa pananampalatayang-Kristyano at hindi na basahin ang aklat)—ngunit ang nilalaman ay mabisang nagpaliwanag ng pagkakaiiba.

Ang isang tao ng pananampalataya ay pinag-iiba sa isang taong may pananampalataya lang. Bawat tao ay maaaring mag-angkin na siya ay may pananampalataya ngunit hindi lahat ay maaaring ituring na isang tao ng pananampalataya nang may katotohanan. Maingat na inilatag ni Bro. Kou ang kanyang sasabihin tungkol sa pananampalataya at sa tao ng pananampalataya sa malalim at mapagwaring paraan na maaaring masiyahan ang mga teologo, ngunit simple rin na kahit ang mga hindi mananampalataya ay maaaring makinabang dito.

Sa unang mensahe ay ipinaliwanag niya ang pananampalataya sa pamamagitan ng dalawang aspeto: paniniwala sa katotohanan ng mga Kasulatan at sumasampalatayang tugon dito—iyon ay, pagtitiwala sa Diyos ayon sa mga Kasulatan at pagsunod sa Kanyang Salita. Pagkatapos ay nagbigay siya ng mga dahilan tungkol sa kahalagahan at pagkamakabuluhan ng pamumuhay sa pananampalataya at itinuturo niya tayo, na mga mambabasa, na tumutok sa mga tunay na mahalaga: ang hindi nakikitang mga katotohanan ng kaharian ng Diyos.

Tunay ngang napakahalaga nito sa ating kasalukuyang kalagayan, na ituon natin ang ating mga isip sa hindi nakikitang mga bagay ng kaharian at doon natin itatag ang ating pananampalataya upang hindi tayo mailigaw ng ating likas na pagkahilig sa mga nakikitang bagay ng panahong ito.

Sa ikalawa hanggang sa ikawalong mensahe ay patuloy na tinalakay ni Bro. Kou ang mga pagkilos ng buhay ng pananampalataya. Ang pananampalataya ay dapat nakasentro kay Kristo. Ito ay nagsisimula kay Kristo—na nakikilala kung sino Siya at ano ang Kanyang ginawa at nagpapatuloy kasama ni Kristo. Ito ay lumalago habang ito ay ipinamumuhay ng Kristiyano sa pagsunod sa Salita ng Diyos. Ang buhay ng pananampalataya nina Maria, Moises, Pablo at Jose, na ginamit ni Bro. Kou, ay mabisang mga paglalarawan ng ganoong pagsunod. Sila ay mga taong inilarawan at ang mga buhay ay ginugol ng pananampalataya sa Diyos at sigasig para sa Kanyang kaharian.

Sa pangkalahatan, ang aklat na ito ay nakakatulong sa atin na mas maunawaan ang likas at pagsasagawa ng tunay na pananampalatayang ayon sa bibliya, at sa mas malalim na pagkaunawa ay makakapagsikap tayo, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, na maging mga lalaki at babae ng pananampalataya, na siyang dapat nating maabot bilang mga alagad ng Panginoon.

Napagpala ako sa pagsasalin ng aklat na ito.

Romy H. Endaya
Pastor, Grace Reformed Baptist Church
Calauag, Quezon, Philippines